

1

Malamig ang simoy ng hangin. Naaamoy ang mainit, halos nasusunog na dahon ng saging mula sa nilulutong bibingka at puto bumbong sa kabi-kabilang kanto. Nagkikislapan sa kumukutitap na ilaw ang mga kabahayan. Sari-saring awiting Pamasko ang naririnig.

Tahimik na nakikisabay sa mga pamilyar na awitin si Ces Guanzon habang mag-isang nakaupo sa lounge chair sa verandah ng tinitirhang condo unit sa Greenhills, San Juan. *October na, magpa-Pasko na ulit*, naisip niya.

Her thoughts reverted back to Christmases of years past. Nagtitipon ang mga kamag-anak, mga kaibigan at mga trabahador sa kanilang mansion sa Bacolod kung saan nagmamay-ari ang pamilya nila ng ilang ektarya ng tubuhan. Tuwing Pasko lang sila nagkakasama kung kaya maaasahang parating masaya iyon.

Pero mula nang mamatay ang kanyang minamahal na papa tatlong taon na ang nakalilipas, ang Pasko para sa kanya ay may kakambal nang lungkot at pangungulila.

Marahang dumaloy ang luha sa kanyang pisngi. She closed her eyes as the memory brought her back to that very sad day.

Ang Pasko ng taong iyon ang kauna-unahang Paskong hindi siya nagbalak umuwi sa Bacolod dahil sa sobrang hectic na schedule. Isa siya sa mga batikang dancer-choreographers ng kilalang grupong *Artistas Filipinas*. Kalahok sa isang international dance festival sa Greece sa darating na buwan at siya ang bidang babae sa kanilang dance-drama.

Late natapos nang gabing iyon ang kanilang rehearsal. Pasakay na siya sa kanyang kotse nang habulin siya ng kanilang guard sa parking lot...

“Ma’am Ces!” tawag ng guwardya. “Telepono po. Mukhang importante.”

“Ay, okay. Salamat, Romer,” she acknowledged. Madali niyang inilagay sa trunk ng kotse ang kanyang gamit, isinara iyon at sumunod sa lalaki.

“Magandang gabi at maligayang Pasko!” magiliw niyang bati sa tumawag.

“Cezarah...”

“Mama!” Kinabahan siya. Bihira itong tumatawag sa kanya sa studio. Bukod pa roon, bahaw ang boses

nito. *“Bakit po kayo napatawag?”*

“Anak...” Hindi ito makapagsalita at nagsimula muling maiyak.

“Ma, what’s wrong?” Nagtanong siya hindi dahil gusto niyang malaman ang isasagot nito. Somehow, alam niya kung ano iyon. This kind of scene had been haunting her since her father’s near-fatal heart attack earlier that year. Umaasa lang siyang baka ibang dahilan ang itinatawag sa kanya.

“Anak, iniwan na tayo ng papa mo...”

Matapos makausap ang ina sa telepono ay tulalang bumalik na si Ces sa kanyang sasakyan at pinasibad iyon. Wala na siyang naalala maliban sa nakasisilaw na liwanag, ang nakabibinging tunog ng busina habang maingay na dumadausdos ang gulong ng kotse sa aspalto at ang muntik nang paghampas ng kanyang mukha sa manibela dala ng matinding pag-apak niya sa preno. Ang sumunod na lang na pangyayaring malinaw sa isip niya ay nasa bahay siya, nagmamadaling mag-impake ng damit para tumungo sa airport at maghintay sakaling may bakanteng upuan pa sa susunod na flight papuntang Bacolod.

Pumukaw sa kanyang pagbabalik-tanaw sa nakaraan ang tunog ng intercom sa kabahayan.

“Ces, let’s go!” anang boses ng pinsan at roommate niyang si Margot mula sa speaker.

“Coming,” tugon niya.

Kinuha niya ang handbag na nakapatong sa console table sa sala at matapos i-switch off ang mga ilaw maliban sa nasa altar, ni-lock niya ang front door saka tinungo ang elevator para bumaba sa parking lot.

“Happy Birthday!” masayang bati niya kay Gia, kapatid ni Margot at kasama rin nila sa condo unit.

“Thanks, Cuz!” Nginitian siya nito bago muling paandar ang kotse. “My God! I’m so glad to be finally on our way to dinner. Parang walang katapusan ang meeting namin! Kung di ko pa ipinaalala na birthday ko today, hindi pa sila magwa-wind up ng mga usapin.” Ang tinutukoy nito ay ang monthly editorial meeting ng isang sikat na lifestyle magazine kung saan ito ang creative director.

“Where are we headed ba?” tanong ni Margot.

“Sa *Cravings*, where else?” ani Ces. “Wala naman tayong ibang pinupuntahan kapag may okasyon at kapatid mo ang nagda-drive.”

“Ah-gain?” eksaheradong comment nito. “Gia,

alam kong birthday mo at karapatan mong mamili ng pupuntahan natin dahil first and foremost ikaw ang dapat mag-enjoy, pero could we please eat somewhere na hindi *Cravings* ang pangalan?”

“Wala namang ibang makakainan na masarap, eh,” reklamo nito.

“How about we try *Asya*?” she suggested. “Halos lahat ng kasamahan ko sa *Artistas* ay nagre-rave about that resto.”

“Oo nga!” Sa nabanggit na restaurant nagtratabaho si Margot bilang executive chef.

“Hay naku! Kaya ka lang excited kasi tagaluto ka doon, eh,” singhal ni Gia.

“Excuse me, my dear sister, the term is *chef de partie*,” pagtatama nitong pinagtaasan ng kilay ang dalaga. “Bigyan mo naman ng konting glamour ang work ko.”

“Okay, so sa *Asya* na nga tayo?” singit niya dahil baka mauwi sa bangayan ang magkapatid.

“Sige na nga,” pumayag reluctantly ang may kaarawan.

Dinala sila ng head waiter sa pribadong function room ng restaurant dahil walang bakanteng mesa at

may ilang grupo pa ang nakapila sa waiting list.

“Ma’am Margot, dito na lang po ako magpapa-set up para sa inyo. Kung maghihintay kayo ng bakante sa labas baka mamayang hatinggabi pa kayo makakain.”

“Salamat, Oman!” Nginitian ni Margot ang lalaki.

“Ang ganda pala dito,” banggit ni Ces as she looked around. Isang tapestry na naka-hang sa kabilang dulo ng room ang nakakuha ng pansin niya. “Oh, wow! Saan galing ‘yan?”

“If I remember correctly, parang nabanggit ni Devin na sa Nepal daw ‘yan nabili,” sagot nito.

“Devin?” Napataas ang kilay ni Gia sa reference ng kapatid sa may-ari ng lugar.

“Close pala kayo ng panginoong may-ari nito?” siya naman ang nagtanong habang inaabot mula sa waiter ang menu.

“Not at first,” amin nito. “Bago na-meet ni Devin ‘yung asawa niya, grabe sa kasungitan ‘yun. Daig pa ang matandang binata na maraming issues sa life.”

“So what happened?” Nangalumbaba si Ces habang naghihintay ng kasunod na kuwento. She so loves romantic stories.

“Nakahanap siya ng katapat,” anitong nangingiti as she recalled one particular incident. Sa tagal nitong nagtratabaho sa *Asya*, noong araw lang na iyon ay nakita nitong at a loss for words ang boss. “Sherie isn’t one to be put off ng pangit na mood niya.”

“Mga sisters, kung di n’yo napapansin kanina pa naghihintay ‘yung waiter natin para kumuha ng order natin. Gutom na gutom na ako so p’wede later na lang ang tsismis?” sabad ni Gia.

“Naku... buti na lang birthday mo,” pabirong sagot ng kapatid nito. “Ako na’ng mag-o-order. Oman, pakuha kami ng shrimp in chili mango sauce, pomelo-peanut salad, stir-fried vegetables, pineapple curry rice at pandan juice.”

“Fiesta talaga?” pansin ni Ces sa dami ng in-order nito.

“Ay naku! Masarap ‘yun lahat; promise, kaya natin ubusin ‘yun,” saad nito.

True enough, nang dumating ang nga putahe, halos wala nang nagsalita sa kanila. Naging abala sila sa pagnamnam ng mga shrimp dish ay sariling recipe ni Margot.

“Magaling ka ngang chef, sis,” Gia mumbled after a spoonful of rice ang shrimp. “Your expensive

lessons really paid off.”

“Siguro naman hindi mo na ako tatawaging ‘tagaluto’ from now on,” pagmamalaki nito.

Right at that moment, nagbukas ang pinto ng pribadong kuwarto at may sumilip na isang binata.

“Sorry, hinahanap ko ‘yung opisina ng kapatid ko at sabi n’ung waiter sa labas na dito daw ang daan.”

“That door there.” Itinuro ni Margot ang isang pinto na artfully concealed sa pagkaka-decorate ng mga muebles.

“Thanks.” Tinungo nito ang direksyong tinukoy ng dalaga habang patuloy na nagpapaliwanag ng pagdating nito roon. “I don’t come here often kasi and kapag nadadayo ako parati lang naman akong nasa restaurant area.”

“Ikaw si Lionel, hindi ba?” muling tanong ng chef.

“Yes.” Tinitigan ito ng binata, animo inaalala kung magkakilala ba sila. “I’m so sorry, alam kong we’ve been introduced... Marjorie?”

“Margot,” pagpapakilala nito, sabay abot ng kamay.

“Ah, yes, ikaw ‘yung magaling na chef na

nagplano ng menu sa wedding reception ni Devin.”

“Yup, that’s me,” nakangiting sagot nito.

“I would love to stay and chat but I gotta run,” paalam nito bago pumasok ng opisina. Nang maiwan muli ang tatlong babae, napansin nina Gia at Margot na naka-suspend halfway to her mouth ang kutsaritang naglalaman ng isang slice ng dessert at bahagya pang nakabuka ang kanyang bibig.

“Ces?” Gia snapped her fingers in front of her face.

“I think I’ve died and gone to heaven!” Hindi pa niya nararanasan ang ma-mesmerize ng isang lalaki, sa dinami-dami ng nakakasama niyang saksakan naman talaga ng guwapo sa kanyang propesyon sa teatro. Pero talagang kakaiba ang binatang nakita niya. As if his mere presence was the most potent love potion ever concocted. “Nakita n’yo ba ang mga mata niya? Gan’un ang mga matang nakakalunod! And his lashes...”

“Ces, paano mo napansin lahat ng detalyeng iyon?” Tila hindi makapaniwala ang birthday celebrant sa inaasal niya.

“Excuse me,” the guy appeared once more, “makikiraan lang ulit.” Napadako ang tingin nito kay

Ces at natigilan. “Oh my God, it’s you...”

Kung ipapa-describe sa magkapatid ang sumunod na mga pangyayari, sasabihin nilang parang scene iyon sa isang chick flick. Nag-slow motion a few seconds bago magtama ang kanilang mga tingin. Pagkatapos ay pumailanlang ang background music na *Love Moves In Mysterious Ways* habang may mga pusong lumulutang at nagpa-pop na parang soap bubbles.

Lumapit ito sa kanya. “Napanood kita sa isang performance sa Netherlands two years ago. Kaibigan ko si Maribel.”

“Really?” Iyon lang ang nakayanan niyang isagot.

“Yeah, ah... nagkataon na nasa Europe din kasi ako at the time, on vacation with some of my cousins. Inimbata ako ni Maribel. You were... wow!”

“Thank you.” Hinawi niya in a very girlish manner ang ilang hibla ng buhok at iniipit iyon sa likod ng tainga habang ngumingiti nang matamis.

“Napapansin mo bang parang biglang di na tayo nag-e-exist sa lugar na ito?” pabulong na tanong ni Gia sa kapatid habang nakadukwang dito.

“Unbelievable. Kailangan talaga ngayon pa mag-

unfold ang teleseryeng ito.” Napailing lang ito.

Ang pagtunog ng cellphone ni Lionel ang nagsilbing hudyat ng reality check sa kanilang lahat.

“Oh, no! Nagmamadali nga pala ako,” bulalas nito bago sagutin ang nag-text at pagkatapos ay ibinalik ang pansin sa kanila, “It was nice to meet you, Ladies,” and to Ces, “I’ll see you.”

“Of course!” May kakambal na pagkatamis-tamis na ngiti ang mananayaw nang magpaalam, her eyes glued to the door kung saan lumabas si Lionel.

Naka-plaster pa rin ang ngiti sa mga labi ni Ces nang harapin ang mga pinsan na mayroon namang amused at intrigued looks sa mga mukha.

“Of course?” panunudyo ni Gia.

“I think I’m in love!” she announced. “Cezarah Guanzon-Almirañez. Bagay, di ba?”

Muntik nang mahulog sa kinauupuan ang mga kasama niya dahil sa lakas ng tawa ng mga ito.

2

“Natagpuan ko na ang babaeng mamahalin ko for the rest of my life!”

Gulat na napatingin kay Lionel ang mga taong naghahapunan sa dining room ng mga Almirañez nang ihayag niya ito. Nagkatinginan ang mga ito. Naupo siya sa hapag.

“Lionel, tigilan mo nga kami,” ani Alain, isang pinsan. “Parati ka namang ganyan tuwing may nami-meet kang babae.”

“Oo nga, Kuya,” sumang-ayon si Chiara, kapatid ni Alain.

“Babaeng mamahalin?” singit ni Eugene na nakatatandang kapatid niya. “May Cindy ka ngayon, di ba? Hindi ba siya ang tinutukoy mo?”

“I went out with Cindy on a couple of dates. Wala naman kaming serious commitment sa isa’t isa,” he informed them, habang kumukuha ng chopsuey at embutido, “kaya hindi siya ang babaeng tinutukoy ko.”

“Lionel, anak,” singit ng kanilang ina, “bakit nga

ba wala kang girlfriend na nakarelasyon mo long enough para man lang makilala namin?”

“Just to set the record straight,” aniya na uminom muna ng buko juice dahil bumara sa kanyang lalamunan ang isinubong embutido, “I go out on dates, I don’t have relationships, I don’t have a girlfriend. Wala akong pretenses na kaya kong mag-commit dahil work is foremost in my mind. Believe it or not, ayaw kong may masasaktan sa kanila later on that’s why I’m brutally honest. I haven’t really found anyone na magpapabago ng priorities ko. Until now.”

“So, paano naiba ang babaeng ito from your multitude of women?” usisa ni Chiara.

His face softened, his eyes glazed as if ibinabalik niya ang sarili sa gabing iyon. The night he saw the beautiful dancer perform on stage.

Marami siyang nakikilalang magagandang babae sa trabaho niya, pero kay Ces lang siya namangha, enough to leave him breathless. Mala-porselana ang kutis ng babae, high cheekbones, small straight nose, heart-shaped lips na mamula-mula. Her misty eyes are veiled with long dark lashes, at kakaiba ang kislap ng mga iyon when she smiles. Mahaba ang buhok nitong naka-braid sa likod ng ulo. Mabining kumilos ang mga kamay na ang mga daliri ay hugis-kandila.

She was grace and beauty personified.

More than anything, he felt a deep connection with her. Unang tingin pa lang ay alam niyang magiging malaking bahagi ito ng buhay niya.

“Basta alam kong iba siya. Anghel na bumaba sa lupa,” mahina niyang isagot.

“Kailan naman kayo magkikita ulit?” muling tanong ni Chiara habang nagko-concentrate sa binabalatang orange.

“Uhm... hindi namin napag-usapan iyan.” Ikinuwento niya sa mga ito ang madaliang pagpapaalam niya.

“Ayan na ang sinasabi ko,” iling ni Alain. “And you even conveniently forgot to ask her for a contact number, I bet.”

“I could always ask Maribel, or go to their studio.”

Itinaas ng pinsan ang mga kamay in surrender.

“May pangalan ba ang anghel na ito?” his mother inclined her head and looked at him.

Bumalik ang ngiti sa mga labi ni Lionel as he whispered her named almost reverently, “Cezarah Guanzon.”

“Yung dancer na magaling?” naibulalas ni Chiara.
“Oh, my God, Kuya, don’t you dare!”

“What?” nagkunot siya ng noo.

“Fan ako ni Cezarah Guanzon at ayokong biktimahin mo siya. I love her too much. At kung mahal mo ako bilang pinsan mo, ‘wag na ‘wag mo siyang sasaktan,” paliwanag nito.

“Wala akong balak saktan siya.” Tinitigan niya ito nang matalim.

“Siguraduhin mo lang.” Tumayo ang dalaga mula sa hapag para kumuha ng maiinom sa kusina.

He could only stare open-mouthed at her. Nang ibaling ni Lionel ang tingin sa mga kasalo sa mesa, nakibit-balikat lang ang mga ito.

Huminga siya nang malalim, feeling the challenge in their silence. “I will prove you wrong. Makikilala n’yo siya sooner than you think.”

“Sure.” Tumango lang ang mga kausap niya, still not entirely convinced.

3

Ces held a project proposal in her hands. Ibinigay ito sa kanya ng kanilang external relations manager na si Marichu Gonzales para i-review. Humihingi ng tulong sa kanila ang munisipyo ng Marikina para sa pagbuo ng isang children's dance company na magrepresent sa siyudad sa mga national at international cultural exchanges. She was being eyed to be the trainor-choreographer.

“What do you think?” pumukaw sa pandinig niya ang boses ni Marichu.

“About what?” Iniangat niya ang tingin mula sa papel papunta sa nagtanong.

“Anong about what? Kanina ka pa nakatitig sa papel na iyan,” anitong pinamaywangan pa siya. Ilang minuto na rin itong nakatayo sa harap niya at hinihintay siyang mag-react tungkol sa binabasa.

“Oh, you mean this?” Napatitig siya rito, eyes wide at obvious na hindi iyon ang pinag-iisipan niya kundi isang guwapong lalaki na ang pangalan ay Lionel at kung kailan sila magkikita nito.

Ikinaway ng kausap ang isang kamay sa harap

ng mga mata niya. “Hello? Earth to Ces...”

She gave a sheepish smile. “Sorry, Ichu. May iniisip lang kasi ako.”

“Ano na naman?” Nagsindi ito ng sigarilyo. “Or should I ask, sino?”

“Bakit mo naman naisip na tao ang laman ng utak ko?” Inilapag niya sa mesa ang proposal at nangalumbaba.

“Kasi, my dear Ces, lately, kahit ngarag ka na’y palangiti ka pa din when usually ay halos nakatirintas na ang mga kilay mo umaga pa lang.” Nagbuga ito ng usok mula sa sigarilyo.

Nanatili siyang nakatingin lang dito, a half smile playing on her lips.

“Magsasalita ka ba o hindi?”

Binasa ni Ces ang mga labi at saglit na tumungo upang pasadahan ng tingin ang project proposal. “Three month’s training, thrice a week, three hours a day. Tamang-tama iyon pagdating ng launch activities in February, hasang-hasa na sila. “Tapos, once a week na lang ang classes, four hours a day for as long as the city government intends to maintain the group.”

Pinukol siya ni Marichu ng isang paper clip at

nilayasan siya.

“Tapos kapag may mga performances, ibabalik kami three times a week!” natatawang pahabol niya sa papalayong babae.

“Hey, girl! Long time no see!” Humalik sa pisngi ni Ces si Maribel. Ilang araw matapos ang pag-uusap nila ni Ichu tungkol sa project proposal ay dumating ito.

“Maribel!” Niyakap niya ito, feeling an extra sense of elation dahil ang presence nito ay nangangahulugan din na may mapagtatanungan na siya tungkol sa binatang na-meet niya kailan lang. “Saan ka na namang lupalop galing at parang hindi kita napagkikita lately?”

“Di ba nagpunta ako sa Vietnam for two weeks for this artistic conference thingie?” Inilapag nito ang mga dalang maliit na thermos ng kape.

“Ah, oo nga pala.” Itinabi niya ang ilang papeles sa mesa para maipatong doon ng kaharap ang tasa at thermos.

“Ikaw? What’s up with you at dala mo na naman ang bahay mo?” puna nito, tinutukoy ang dala niyang

backpack na mukhang pang-isang linggong worth ng bihisan ang laman.

“Ipinasa ni Ichu sa akin ang pag-handle ng children’s dance ensemble for the Marikina City government,” balita niya. “Today’s audition day. Hinihintay ko lang dumating si Eko.” Ang taong tinukoy niya ay isa ring dancer-choreographer tulad niya.

“I see.” Inilabas din nito ang dalang pakete ng *Marlboro Lights* at tumango.

“Maribel, can I ask you something?” Her mouth kept twisting, nagpipilit kumawala ang isang ngiti. “Uhm... how well do you know Lionel?” namungay ang kanyang mga mata kasabay ng pagbigkas niya ng pangalan nito.

“Si Lionel Almirañez, you mean?” Tumango siya. “Why? Bakit para kang kinikiliti diyan?” nagtataakang usisa nito.

“Wala naman, he’s...” Nagkibit-balikat siya, nakapaskil pa rin ang ngiti sa labi.

“Gorgeous, ‘no? Kung hindi ko kaibigan ‘yun, hinabol-habol ko na siya.” Kinindatan siya nito. “Hmm... ngayon ko lang naalala, nasa Netherlands siya n’ung nand’un tayo for a series of performance

two years ago. Gusto nga niyang ipakilala kita sa kanya.”

“Talaga?” Walang katumbas ang panghihinayang na nararamdaman niya. “Pero bakit naman hindi mo kami ipinakilala?”

“Nakalimutan mo na ba, kinailangan na kasi nating umalis for a little celebration after the performance, courtesy of the Ambassador.”

“Ah, oo nga pala, natatandaan ko na,” aniyang tumango-tango pa.

“Saan kayo nag-meet?” nais nitong malaman.

“Sa Asya, sa Tomas Morato. Nag-celebrate kami ng birthday ng cousin ko d’un last week.”

“His brother owns that, did you know?”

Tumango lang siya and leaned forward. “So, how well nga do you know him?”

“Quite well, I should think,” umpisa nito. “He’s one of the best filmmakers in this industry. Una ko siyang nakatrabaho mga five years ago. We were shooting in Anilao for a television commercial—”

“I’m so sorry, I’m late! Ang traffic palabas ng highway galing sa amin.” Humahangos na dumating

si Eko na kaagad nagbeso sa kanila nang makalapit.

“Okay lang,” Ces reassured him habang inililigpit niya ang gamit para makaalis na sila. “Paano, Maribel? We have to run.”

“We’ll talk another time,” pahabol nito habang palabas sila ng silid.

Ni hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong ibalik mula sa isip ang pinagtapusan ng usapan nila ni Maribel. Sa sasakyan ay seryosong nagdi-discuss sila ni Eko ng mga detalye ng proyekto pati ang prosesong kailangang pagdaanan ng mga masuwerteng papasa sa auditions. Sumabak kaagad sila sa trabaho nang makarating sila ng *Teatro Marikina*. Pasado alas cinco na ng hapon nang matapos ang audition para sa children’s dance ensemble. Out of more than a hundred applicants, tatlumpung bata na lang ang naiwan.

“Congratulations sa inyong lahat,” Eko addressed the children. “Gusto ko lang ulitin na kayo ay dadaan pa muli sa intensive audition workshop bago kami bumuo ng final list dahil eighteen members lang talaga ang kakailanganin, so please work really hard. We’ll see you on Saturday para sa unang session natin.”

Ipinasya nilang umuwi na lamang at huwag nang mag-dinner dahil maraming ipinakain ang management ng *Teatro Marikina* sa kanila habang ginaganap ang audition.

Nasa kalsada na sila nang mapalingon siya dahil napansin niyang sobrang hawig ni Lionel ang driver ng kasalubong na sasakyan.

“Ces, ano ba?” Napatili si Eko dahil muntik na nilang mabundol ang isang tumatawid na pedestrian.

“Sorry po.” Ipinilig niya ang ulo at nag-concentrate muli sa pagmamaneho.

Ces, you're hopeless, sawata niya sa sarili. Lahat na lang ng lalaking nakikita mo lately, iniisip mong kamukha niya.

A few hours earlier...

“Oh, Lord! Kanin na lang, ulam na!” naulinigan ni Lionel ang hirit ng isang taga-*Artistas Filipinas* as soon as he walked through the door of the studio.

Dahil may kalakasan ang boses na nagsabi niyon, sabay-sabay na naglingunan ang iba pang mga taong naroon. Napatingin tuloy siya sa sarili self-consciously. *Mukha ba akong barbecue?*

“Hi, gusto ko lang itanong kung nandito si Ces Guazon,” he asked, ignoring the comment.

Hindi nakasagot sa kanya ang napagtanungan. Ang katabi nito ang mabilis na nag-react. “Hello, Papa! Ako si Joel. Bakit ka naman naghahanap ng wala dito?”

Napangiti siya. Sa industriyang ginagalawan niya, sanay na siya sa mga patutsada ng mga nakakasalamuha niyang bakla.

“Nagkita kasi kami last week and stupid me, nakalimutan kong hingin sa kanya ang contact number niya. Would you know kung saan siya nagpunta?”

“Sa *Teatro Marikina*. Kaninang umaga pa siya nagpunta doon kasama ni Eko. May audition workshop something whatever.”

“Nandoon pa kaya sila?”

“Malaybalay, Bukidnon,” sagot nito na ibig sabihin ay hindi nito alam. “Pero eto, here’s her number, text mo na lang.” Iniabot nito sa kanya ang papel na pinagsulatan ng cellphone number ng dalaga.

“Sige, salamat, try ko na lang din puntahan siya

d'on." He clutched at the piece of papers as if his life depended on it.

"Papa, number ko, ayaw mong kunin?" pahabol nito.

Hindi na niya nakuhang sumagot. Ngumiti lang siya at kumaway bilang paalam.

"Okay, bakit kaya ako nasa Marikina?" kinakausap niya ang sarili habang nagmamaneho. He slapped his forehead. "Para kang hindi adult, Lionel. Ano naman kung aminin mong siya talaga ang sadya mo? Hindi ba mas impressive maging truthful?"

Iniliko niya pakanan ang sasakyan, pasulyap-sulyap sa mga pangalan ng building sa kalye. Baka malampasan niya ang pupuntahan.

"Hi, Ces, remember me? I was in the neighborhood, and..." he practised.

Nang sa wakas ay makita ang sadya, naghanap siya ng bakanteng slot sa parking area.

"Hi! I was passing through and I saw your car... Damn, ni hindi ko pa nga alam kung ano ang kotse niya. O kung mayroon man?"

Bumaba siya pagkaparada ng sasakyan.

“Hi, Ces! Nagpunta ako sa office n’yo, nasabi sa akin na nandito ka daw.” Talagang kinakabahan na siya. “May project kasi ako...” he said to himself as he began to walk toward the entrance of the *Teatro Marikina*. “God! What do I say?”

Finally, he was at the doorway. Inihanda niya ang ngiti, only to have it wiped off the instant na sumilip siya sa loob. Walang tao roon bukod sa isang tagalinis.

“Manang, excuse po. Tapos na po ba ‘yung activity dito?”

“Ay, oo. Kaaalis-alis lang nilang lahat.”

Kulang ang sabihing disappointed si Lionel.

“Sige po, salamat.”

Hindi bale, he already had her number. All is not lost. Kinuha niya ang cellphone at nag-umpisang mag-compose ng text message para sa dalaga. Hindi pa siya natatapos ay nag-ring iyon.

“Joanne?” Executive producer nila ito.

“Direk, mapapaaga ang pagpunta natin sa Lucban. Kausap ko ngayon lang si Archie,” tinutukoy nito ang location manager. “Nagbago ng schedule ‘yung may-ari ng venue na pagsu-shooting-an natin. Kailangan na natin pumunta doon by tomorrow,

otherwise, middle of next week pa ulit magiging available ang mansion. Hindi tayo makakahabol sa deadline natin kung next week pa tayo magsu-shoot.”

“Anong oras tayo aalis?”

“Five in the morning para makarating tayo doon around lunchtime, then we’ll have the afternoon off para makapagpahinga. Ratsada tayo ng trabaho the following three days.”

Great! Ngayong may access na ako kay Ces, ako naman ang hindi available for the next four days! himutok niya.

“All right, I’ll see you guys tomorrow,” paalam niya.

Pagkapindot niya ng ‘end call’ button, muling bumalik ang screen display sa unfinished message niya.

Gusto niyang ibato ang cellphone sa sobrang frustration.